

Tulong mula sa isang tagasalin

Nagkakaroon ka ba ng problema sa pakikipag-usap sa kawani ng bangko? Magiging mas madali ba para sa iyo na makipag-usap sa isang tao sa sarili mong wika?

Mayroon kaming libreng serbisyo ng tagasalin para sa sinumang kustomer na nangangailangan ng tulong para maipahayag ang kanilang mensahe sa aming bangko.

Sino ang maaaring maging tagasalin?

Ang isang tagasalin ay maaaring:

- isang kawani ng Commonwealth Bank na nakapagsasalita ng iyong wika
- isang taong nagtatrabaho sa Translating and Interpreter Service (TIS).

Minsan ay isang kaibigan, kapamilya o manggagawang tagasuporta na maaaring magsalin para sa iyo. Kailangang sila ay mahigit na sa 18 taong gulang.

Ano ang proseso nito?

Dadalhin ka ng kawani ng bangko sa isang pribading kuwarto para makipag-usap o tumawag. Bibigyan ka namin ng sapat na oras para makipagtulungan sa tagasalin para matiyak na nauunawaan mo kami, at nauunawaan ka namin.

Bakit mahalagang gumamit ng tagasalin?

Makakatulong ang mga interpreter na maunawaan mo ang mga tuntunin, panganib at benepisyo ng isang bagong serbisyo o produkto bago ka sumang-ayon dito.

Hihingin ng kawani ng bangko ang iyong pahintulot na magpatulong sa isang tagasalin. Ang pahintulot ay nangangahulugang nagsabu ka ng oo.

Makakagamit ka ng tagasalin sa bangko nang libre, ngunit, kailangan mong magbayad para isalin ang nakasulat na impormasyon sa iba pang wika. Halimbawa, isang brochure.